



Minami no Kaze

Hello! Tayo ay Minami Lounge

Maaari kaming umasiste at tumulong sa mga sumusunod na bagay !



① Kunsultasyon at Pagbibigay Impormasyon

Ex) May mga alituntunin ba sa pagtapon ng basura?
Saan ako maaaring mag-aral ng Japanese?
Masama ang pakiramdam ko. Saang hospital ang puwedeng tumulong sa akin sa English?

② Pagpapadala ng mga Multicultural Volunteers

Ex.) Gusto kong gamitin ang sarili kong wika para tulungan ang mga bata (magulang) na dumating sa Japan kamakailan lamang.
Gusto kong ipakilala ang banyagang kultura sa mga bata na nakatira sa Japan.

③ Legal. Estado sa Pagtira. Kunsultasyon sa Edukasyon na may kasamang Interpreter.

(Walang bayad, kailangan ng reservation: 045-232-9544/045-242-0888)

<Kunsultasyon Legal> Tuwing Pangalawang Huwebes 13:30~/14:30~
Divorse / awtoridad ng magulang / mga gulo sa kustodiya ng bata / mga problema sa pagsasalin ng mga ariarian , mga problema sa mga aksidente sa daan, at iba pang mga problema.

<Kunsultasyon sa Estado ng Paninirahan (status of residence) at iba pa>
Tuwing Pangatlong Huwebes 13:30~/14:30~
Pagkuha / Pagpalit / Pagpalawig ng estado ng paninirahan (status of residence), pagdala ng kamag-anak galling abroad, pagtatayo ng bagong kompanya at iba pa.

<Kunsultasyon Tungkol sa Edukasyon>
Tuwing ika-apat na Huwebes 13:30~/14:30~
Buhay eskuwela ng bata, pag-angat sa mataas na paaralan, at iba pa.

Magagamit ang mga kuwarto ng Lounge kung ikaw ay nakarehistro bilang Minami Lounge citizens group. Meron din "Machi no Sensei" na pagrehistro para sa mga taong may mga espesyalidad at nais magturo sa boluntaryong paraan. (Kung kayo ay interesado, tumawag lamang sa Minami Lounge).

Mayroon din "Bulletin" sa Minami Lounge na may nakasaad na iba't-ibang kapaki-pakinabang na impormasyon.



<Mga Bagong Lounge Staff>



Hello, ang pangalan ko ay Mutsumi Asahina, ang bagong Coordinator. Nakatira ako sa mahal kong YOKOHAMA. Ikinagagalak kong makilala kayo dito.



Hello, ako ay si Sai Shito. Dumating ako dito sa Japan noong ako ay grade 6. Nais kong makatulong sa iba basi sa aking karanasan.


Minami Citizen's Activity at Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho Minami-ku, Yokohama 232-0024

Consultation Desk : Mon.~Sun. 9:00~17:00
(Closed on : Every 3rd Mondays · Dec.29 to Jan.3)
Tel. : (Japanese) 045-232-9544
(Foreign Language) 045-242-0888

[Mga Lenguahi at Araw]

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	Sunday
Chinese	Chinese	Chinese English	Chinese Thai	Chinese Tagalog	Chinese	Chinese



Minami Lounge URL
<https://tabunka.minamilounge.com>

← Direction Map

Mag-ingat sa Heat Stroke

Kapag ikaw ay nakasuot ng mask sa mainit na panahon, may panganib ma-heat stroke. Maaari mong tanggalin ang iyong mask kung ikaw ay nasa labas, obserbahan lamang ang 2 metrong pagitan. Habang ikaw ay nakasuot ng mask, iwasan ang mag-ehersisyo ng mabigat at uminom ng tubig madalas. Mag-ingat lalo na sa mainit at maalinsangan na panahon.

Mga dapat gawin para maiwasan Ang heat stroke o heat illness

- 1 Uminom ng tubig madalas
- 2 Magsuot ng magaan at preskong damit
- 3 Iwasan ang magbilad sa araw
- 4 Mag exercise araw-araw para mapanatili ang kalusugan



Magsuot ng magaan at preskong damit



Magbentilador o gumamit ng air conditioner



Mag ehersisyo ng tama lamang

Uminom ng tubig at magpahinga



Japanese



English



Chinese

Para sa karagdangan impormasyon:

Ministry of Health, Labour and Welfare "Preventing Heat Illness" ⇒

Isinagawang Pagtitipon para sa mga Banyagang Nanay at Tatay !

Isang pagtitipon ang isinagawa noong May 25 (Miyerkules). Sa pagkakataon na ito, pinag-usapan namin ang iba't-ibang klase ng pagsasanay sa mga magulang na may maliliit na anak. Pagkatapos ng seminar, may oras para sa mga magulang at bata na maglaro ng paper balloons at magbasa ng libro.



Isang masayang pagtitipon. Natutunan ko ang tungkol sa disaster drills at gumawa ng mga kaibigan. (Philippines Ms. H)

Naisip kong dapat kong isipin ng madalas ang safety drills para protektahan ang aking anak. (China Ms. T)



Maglaro ng paper balloon



Pagkukuwento

Volunteer Program Para sa may Lahing Banyagang Kabataan 2022

Ang aming volunteer program ngayong taon ay "Maranasan natin at mag-volunteer sa elementary after school "Kids Club"". Sa programang ito, magpaplanong tayo ng event na ang mga bata ay mag-eeenjoy habang nararanasan Ang volunteering activity. Magvolunteer tayo at mag-enjoy sa Summer.

【Para sa】 May lahing banyaga na mga mag-aaral ng High School 10 estudyante

【Petsa】 5 beses (Jul.23、Aug.2,10,16,24)

※Maaaring magbago ang mga petsa.

【Contact · Apply】 Minami Lounge

Email: minami-kouza@yoke.or.jp

TEL : 045-232-9544 or from QR code →



Volunteer Activity ng 2021